Hindi titingin si Allāh sa sinumang kumakaladkad ng kasuutan niya dala ng kapalaluan."}

Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Hindi titingin si Allāh sa sinumang kumakaladkad ng kasuutan niya dala ng kapalaluan."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa paglalaylay ng kasuutan o tapis sa ibaba ng bukungbukong dala ng kapalaluan at dala ng pagmamalaki at na ang sinumang gumawa niyon ay naging karapat-dapat sa matinding banta na hindi titingin si Allāh sa kanya sa Araw ng Pagbangon nang isang pagtingin ng pagkaawa.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5370